

# Chapter One



Nasamid si Kara Lois Sergio sa sinabi ng Lola Maya niya. “L-Lola?” *Tama ba ang dinig ko?* Muntik nang lumabas sa ilong ang tubig na nasa bibig niya. “Pakiulit nga ho.”

“Tinatanong kita kung kailan mo ako bibigyan ng apo. Huwag ka ngang magbingi-bingihan at magmaang-maangan diyan.” Umayos pa ito ng pagkakaupo. Pumuwesto ito nang maganda para simulan ang gabi-gabing pangaral sa kanya. “Aba! Baka nakakalimutan mong matanda ka na.”

“Anong matanda? Lola, huwag ka ngang exaggerated. I just turned twenty-four a few months back.” She rolled her eyes and wiped the

water off her chin. “At bakit ba naghahanap ka ng iba pang apo? Hindi ka pa ba kontento sa akin?”

“Una, hindi na bata ang edad na beintecuatro—”

“Huh?” Nalaglag ang panga ni Lois sa narinig. Gusto sana niyang sabihin na nasa *early* twenties pa rin siya, pero siguradong may pangbawi ang lola niya kaya nanahimik na lamang siya.

“Baka nakakalimutan mong may sumpa tayo.” Dinuro-duro pa siya nito. “Alalahanin mong tumatandang dalaga ang mga kababaihan sa pamilya natin kapag tumuntong ng beintecinco’t wala pang asawa o boyfriend man lang.”

“Yung totoo, ’La? Gusto mo na ba akong palayasin dito sa bahay mo kaya pinagpipilitan mong lumagay na ako sa tahimik?” *Heto na naman po kami sa walang kamatayang love life ko.* “Alalahanin mo rin po na twenty-four pa lang ako, so may isang taon pa ako para hanapin si Mr. Right.”

“Aba’t nagdadahilan ka pa! Hindi mo na ako iginalang.” Umakto itong papaluin si Lois ng kutsara. “Hindi ako nakikipagdebate sa ’yo kaya tigil-tigilan mo ang pangongontra sa mga pinagsasabi ko.”

Simula noong nagtapos ng kolehiyo si Lois

apat na taon ang nakakaraan ay wala na itong ginawa kundi ang ipagpilitan na mag-asawa na siya. Kung kani-kanino siya inirereto ng abuela para lamang masabing mayroon siyang dini-date. Madalas din nitong banggitin na kapag pumetiks-petiks siya ay mapag-iiwanan na talaga siya ng mga mas nakababata sa kanya. As if naman may hinahabol siyang quota, di ba?

Her grandmother never stopped pairing her with guys that had no chemistry with her whatsoever. Lumabas na siya kasama ang apo ng kumare nito. Nanood narin siyang sine kasama ang kapitbahay ng kasama nito sa ballroom dancing. Naka-date na nga yata niya ang lahat ng kamag-anak ng kung sinu-sinong amiga ng lola niya.

Sa sobrang dami at sa katagalan ay si Lois na ang sumuko sa pagtatanong kung saan nakukuha ni Lola Maya ang mga lalaking ipinakikilala nito sa kanya. Sinusunod na lang niya ang gusto nito dahil wala naman siyang magagawa. Ayaw ng dalaga na magtampo o magdamdam ito. That's the least she could do after what her grandmother did for her ten years ago.

Lois' mother died of breast cancer less than a year before Lola Maya took her in. Nag-away sila ng papa niya kaya nagrebelde siya. Abot-langit

ang galit niya rito kaya pinili niyang tumira sa kanyang lola. Kung hindi pumayag ang Lola Maya niya noon, malamang hindi siya nakatapos ng kolehiyo at napariwara na siyang lubos. Napakalaki ng utang na loob niya sa matanda kaya kahit na bad breath, may putok, at mas maliit pa sa kanya ang mga lalaking inirereto ng matanda ay pumapayag pa rin siyang makipag-date sa mga ito.

“Ano na?” untag nito sa pag-iisip niya. “Magpakasal ka na’t nang mabuntis ka!”

“N’ung isang linggo lang ay ipinagpipilitan mo akong mag-asawa.” Tumatayo ang balahibo niya sa mga naririnig mula sa matanda. *Ano ba naman ’tong si Lola! Hindi ba siya kinikilabutan sa mga sinasabi niya?* “Ngayon, apo na ang gusto mo? Baka bukas ay hingan mo na ako ng pangalawang apo o asawa niyan! You really have to stop pressuring me.”

“Napakabagal mo kasi!” sermon nito. “Kapag naubusan ka ng lalaki, ikaw din ang magsisinging bruha ka. ’Wag kang iiyak-iyak sa akin dahil hindi ako nagkulang sa pagpapaalala sa iyo!”

Hindi alam ni Lois kung matatawa o maiinis sa tinuran ng matanda. “The world’s not gonna ran out of men, okay?” *Kailan niya ba titigilan*

*ang love life ko?* Napabuntong-hininga siya nang ma-realize ang dahilan sa likod ng kakaibang pangungulit nito. “May pakiramdam akong sinet up mo na naman ako sa isang blind date. Tama ako, ano? At huwag mong sabihin na ito ’yung apo ng high school sweetheart mo.”

“High school sweetheart ka diyan! Ikaw ang pinag-uusapan dito’t hindi ako.” Nakakalokong nginitian nito ang dalaga. “Darating kasi ’yung apo ni Lauro,” tukoy nito sa ex-boyfriend nito. “Professor siya sa *UST*. Siguradong magkakasundo kayo dahil pareho kayong teacher.”

“Blind date ko ba talaga ’to o gumagawa ka lang ng paraan para muling mapalapit sa Lauro mo?” Kapag nagsimula talaga itong pangaralan siya tungkol sa pag-aasawa ay blind date na ang kasunod niyon. She wanted to roll her eyes and say something sarcastic, but she forced herself not to.

“Fine. Whatever,” patuloy niya. “Well, have you met him? Pogi ba?” Nagpanggap na lamang si Lois na interesado kahit na mas gugustuhin niya pang mag-untog ng ulo sa pader kaysa makipaglokohan sa lalaking siguradong napilitan ding pumayag sa date na iyon.

“Kara Lois!” Lola Maya glared at her. “Mangako ka sa akin na bibigyan mo ng pagkakataon ang sarili mo na kilalanin siya. Kapag hindi nasundan ang first date n’yo, grounded ka nang isang buong taon!”

“Sa ’yo na rin nanggaling na matanda na ako, pero bakit mo ako iga-ground ngayon? Ano ako, teenager?” Napakamot siya sa ulo. “At para po sa kaalaman ninyo ay kinikilala ko nang husto ang lahat ng pinapa-date mo sa akin,” painosenteng turan niya. “Kaya nga palaging walang second date kasi ayoko ng mga katauhan nila.”

“Sus! Huwag mo nga akong lokohin.”

“Lola, kailan pa kita niloko?”

“Eh, bakit ayaw mo d’un sa inaanak ni Maria? Ayos naman ’yun ah.” Hinding-hindi talaga ito magpapatalo kahit kailan. “Huwag mong sabihin na hindi mo gusto ang personality niya dahil napakabait na bata niyon. Galante pa!”

“He’s gay!” pagdedepensa ni Lois sa sarili. “Mas putok pa nga ’yung cheekbones at labi niya kaysa sa akin.”

“How about Ben?” Uungkatin yata nito ang lahat ng lalaki sa nakaraan niya. “Gusto ko pa naman siya’t galing siya sa linya ng mga respetadong politiko dito sa probinsya natin.”

*Eh, di sana ikaw ang lumabas kasama niya.*  
“Hindi kilalang Ben na iyon ang deodorant. At saka lahat naman ng lalaki ay gusto mo para sa akin.”

“Eh, si King? Sigurado ako na hindi siya bading o mabaho.” Napakatalas ng memorya ni Lola Maya, pati mga lalaking nakilala niya noong nakaraang mga taon pa ay naaalala pa rin nito.

“Yes, he’s straight and he doesn’t have body odor.” Si King na siguro ang pinakamatinong lalaki na ipinakilala ng lola niya sa kanya. “But he’s married! May dalawang anak na ’yung taong ’yun! He didn’t even had the decency to remove his wedding ring. Hindi mo ako pinalaki at pinag-aral para lang maging querida, Lola!”

“Si Larry?” Hindi na yata matatapos ang listahan nito ng mga lalaking binasted niya.

*Ugh!* “Ako ang pinagbayad niya ng bill namin sa restaurant. Ano’ng palagay niya sa akin? Sugar mommy?”

“Yung kagawad?” Pumikit pa ito nang mariin na parang may iniisip na importante. “Edward! Oo, Edward nga ang pangalan niya.”

“He is too young for me.” Isa kasi sa marami niyang standards ang edad. Dapat mas matanda sa kanya ang lalaki kahit na ano’ng mangyari. “Mukha kaming mag-ate.”

“Jake?”

“He’s been unemployed for the last five years. Gusto mo ba akong makuba sa kakatrabaho para sa aming dalawa? Hindi niya kakayaning bigyan ng magandang buhay ang magiging apo mo. Gusto mo ba iyon?”

“Si Joey?”

“Manyakis ’yun. He touched my boobs, for crying out loud! Pinabarangay mo pa nga siya, remember? Ikaw pa nga ang nagsabi na huwag na huwag na siyang magpapakita sa atin, di ba?”

“Hay naku!” Inirapan siya nito nang sa wakas ay naubusan na ito ng pangalan. “Ang sabihin mo, ayaw mo lang talagang mag-asawa.”

“Come on, ’La. Alam mong gusto kong mag-asawa at bigyan ka ng apo,” nailing na turan ni Lois. Hindi naman sa ayaw niyang mag-asawa, pero kung isa sa mga binanggit ni Lola Maya ang nakatadhana para sa kanya ay ‘No, Thank You’ na lang. “Can you blame me for not prioritizing my love life? Una, sablay ang mga inirereto mo. Pangalawa, mahal ko ang trabaho ko nang sobra. I want to focus on my job for the meantime. Masama po ba ’yun?”

“Wala akong sinabi na masamang unahin mo ang career mo.” Nalaglag ang mga balikat



nito. “Baka hindi ko na kasi abutan ang kasal mo at hindi ko na makarga ang magiging apo ko sa tuhod kaya minamadali kita.”

“At bakit hindi ka makakapunta sa kasal ko, aber?” *What’s gotten into her?* “Ikaw kaya ang gagawin kong maid of honor at ninang ng future baby ko.”

“Matanda na ako, Lois,” she smiled sadly. “Sooner or later ay susunod na ako sa mama mo.”

“Oh! Bakit napunta na tayo sa usapang ’yan? Tigilan na nga natin ito’t pati si Mama ay nadadamay na.” Kinakabahan na siya sa mga pinagsasasabi ng abuela niya. “You’re really scaring me and you’re making me feel guilty.”

“Ay, dapat lang na ma-guilty ka,” pananakot pa nito. “Kapag namatay akong malungkot ay kasalanan mo.”

Nanlaki ang mga mata ni Loisa. “Ano?” *Ano’ng gusto niya? Mag-asawa at mag-anak ako sa loob ng isang linggo?* “Uminom ka na nga ng gamot mo’t matulog ka—”

“Kapag hindi ko talaga inabutan ang kasal at ang anak mo ay mumultuhin kita. Hindi kita titigilan hangga—”

“Oo na nga, eh.” She even raised her hands to show that she’s conceding. “Makikipag-date ako sa college professor na iyon. Bibigyan namin

ng chance ang isa't isa para magkakilanlan kami nang todo." *Just stop talking about death.*

"Baka sa isang buwan pa dumating iyon." Salubong ang mga kilay na tiningnan siya nito. "May pagkakataon ka pa para magpaganda."

Hindi siya makapaniwala sa narinig mula sa abuela. "Bakit? Pangit ba ako?"

Ganoon ang eksena nilang maglola tuwing gabi. Hindi kasi nagsasawa ang Lola Maya niya sa pagtatambal sa kanya sa kung kani-kanino. Hindi rin naman siya nagsasawa na bastedin ang mga ito.

*It doesn't matter if that college professor's handsome, or rich, or sexy, or smart. We will never have any second date.*



Kinabukasan, dumating si Lois sa *St. Lucy's School for Kids*. Doon siya nagtuturo ng pre-school at agad na napansin ng co-teacher niyang si Ruby ang mapakla niyang mood.

"Kulang ba'ng tulog mo? O dalawang bata ang tied sa top one mo?" kunot-noong tanong nito sa kanya.

Lois shook her head. *Sana nga tulog at grades lang ang problema ko, eh.* "Wala. Ang hirap lang magpalaki ng lola."

Hinila nito palapit sa kanya ang swivel chair na inuupuan. “Another blind date?”

“It’s worse than a blind date. Hindi na lang asawa ang gusto niyang hanapin ko. She wants me to give her a grandkid! Magpabuntis na daw ako!” Lois shook her head again. “Kung makahingi siya ng apo sa tuhod ay parang nabibili lang ’yun nang tingi sa sari-sari store.”

Humagalpak ito. “Wow! Ibang klase talaga ’yang lola mo, ano!” Kilala nito nang personal ang kanyang abuela kaya alam na alam ni Ruby na hindi siya titigilan ng matanda hanggang sa maibigay niya ang gusto nito. “Mag-hire ka ng con-man na magpapanggap na asawa mo.” Tapos, kapag nabuntis ka na ay hiwalayan mo na. Tatal, mukhang mas interesado siya sa apo kaysa sa grandson-in-law.”

*Why does everybody think that this is funny?* She laughed sarcastically. “Ewan ko sa ’yo.”

“Joke lang ’yun. Ito naman, masyadong seryoso.” Binawi nito ang walang-kuwentang suhestyon. “Sinusubukan ko lang tanggalin ’yang kunot sa makinis mong noo.”

Napabuntong-hininga si Lois. “Anyways, professor daw sa *UST* ’yung lalaking pinapadate niya sa akin.” *Siguro naman kahit papaano*

*ay magugustuhan ko siya since pareho kami ng propesyon.*

“Utang na loob!” Medyo eksaherada talagang mag-react si Ruby kahit na sa maliit na bagay. “Labing-pitong taon kang nag-aral. Ngayong nagtatrabaho ka na ay nasa eskuwelahan ka pa rin. Pagkatapos, teacher pa rin ang ide-date mo? Ako na ang nauumay para sa ’yo, eh.”

“Ano’ng gusto mong gawin ko?” Para tuloy siyang pinagsakluban ng langit at lupa sa ipina-realize nito sa kanya. “Ewan ko ba naman kay Lola. Tumatanda yata talagang paurong,” she sighed.

“Tanggihan mo kasi kahit isang beses lang.”

“Tanggihan ko para magtampo siya sa akin?” she chuckled. “Hindi na lang, uy!” Lois loved her grandmother so much. Handa niyang gawin ang lahat para rito. *Pero sana talaga ay maubusan na siya ng lalaki na irereto sa akin.*

“Bakit ba napakapihikan mo?” Namaywang pa ang co-teacher sa harapan niya. “Ang dami mong naka-blind date na guwapo at mayaman, pero ayaw mo pa rin. Ano ba kasi ang hinahanap mo sa isang lalaki?”

“I don’t know...” Nagkibit-balikat. *Ano nga ba?* “I’m not really looking for anything in

particular. Wala akong pakialam kahit na hindi siya masyadong guwapo, o macho, o matalino. I'm just looking for a guy who'll make me feel the magic. 'Yun bang tinitingnan ko pa lang siya ay parang sasabog na ang puso ko sa sobrang kaligayahan. I guess I'm looking for that person na puwede kong makausap about all kinds of things... food, movie, travel, politics—”

“Whoa! Wait lang,” Ruby cut her off. “Ang lalim n'un! May pinaghuhugutan ka ba, ha?”

Natigilan siya. *Shit!* “S-sa pelikula ko lang nakuha... S-saka sa mga librong binabasa ko.”

Her friend snorted and rolled her eyes. “Kaya pala wala kang nagugustuhan ni isa sa mga lalaki ng Lola Maya mo. Eh, mukhang mayroon nang nagmamay-ari ng puso mong bato.” Nginitian siya nito nang nakakaloko. “Sino siya? Kilala ko ba?”

“Tse!” Of course, Lois was lying. Tama ang kutob ni Ruby. May pinaghuhugutan talaga siya at mayroon na ngang nakabihag ng puso at kaluluwa niya, pero wala siyang balak na umamin. “Wala pang nakapagpa-feel ng magic sa 'kin maliban kay Piolo Pascual.”

Humigit-kumulang sampung taon na rin niyang itinago sa lahat ang kuwento ng una

niyang pag-ibig, and she had no plans of sharing it now or anytime soon. Ayaw ng dalaga na pag-usapan ang una niyang pag-ibig dahil hanggang sa mga sandaling iyon ay may kakaiba pa rin siyang nararamdaman sa sikmura kapag naaalala ang first love niya.

It was a sad story, and she'd rather not talk about it. Umaasa siyang kapag hindi niya binanggit sa kahit na kanino ang tungkol doon ay makakalimot din siya.

*A decade later and I'm still hurting like it all happened yesterday. Damn it!*

Magkklase sila noon. They were in second year high school and they were too young to fall in love but they did, anyway. He's funny, witty, good-looking, and everybody adored him. Lahat na yata ng babae noon sa eskuwelahan nila ay nagkandarapa rito, pero siya ang nagustuhan.

They started hanging out, then he courted her until they became a couple. Masaya silang dalawa, and they thought that they'd actually last forever. But they were too naïve to realize that happily-ever-afters only existed in the movies. They were having the best time of their lives until destiny decided to tear them apart.

One night, the most awful thing happened

that Lois had to leave him. She discovered that her dad had a new love affair. He was sleeping with her class adviser!

Mag-iisang taon nang namamayapa ang mama niya, pero hindi pa siya handang palitan ito kaya lumampas sa langit ang galit niya. Pakiramdam niya ay hindi sapat ang labing-dalawang buwan para mag-move on. Ang naging dating tuloy sa kanya ay hindi totoong minahal ng tatay niya ang kanyang ina kaya ganoon ito kabilis nakahanap ng kapalit.

She felt her father betrayed his marriage vows to her mother, so she just decided to leave everything and everyone behind—including Peter.

“Sige na.” Lois stood up and took her things. “Magtuturo na ako.” *Baka kung saan pa mapunta ang usapang ’to. Baka madulas pa ako.*

*Kumusta na nga kaya si Peter?* tanong niya sa sarili. She knew she lost the right to know those kinds of things about him a long time ago, but she still wondered. *May-asawa na kaya siya? Naging doctor kaya siya tulad ng pangarap niya?*

“Sige, umiwas ka!” pahabol na sigaw ni Ruby sa kanya. “Mapapaamin din kita tungkol diyan sa secret love mo!”

# Chapter Two



“Don’t forget to tell Mommy and Daddy about the letter I wrote on your journals, okay?” Lois gave her class the sweetest possible smile. “See you on Monday, pumpkins.”

Agad na nagpulasan ang mga estudyante niya palabas ng silid. She taught pre-schoolers, and for her, they’re the most energetic mammals on the planet. Pauwi na lamang ay nagtatatakbo, nagtatatalon, at naghihiyawan pa ang mga ito.

Sinimulan na niyang ayusin ang mga gamit para makabalik sa faculty room. Kailangan pa niyang i-check ang mga exams ng mga bata, at akmang lalabas na siya ng classroom nang mapansin ang isang pamilyar na mukha na



nakatingala sa kanya.

“Hi, Tim,” nakangiting wika niya sa batang lalaki. “What can I do for you?”

“Hello po, Teacher Lois.” Abot hanggang sa magkabilang tainga ang lawak ng pagkakangiti nito. “I have something for you po.” He tiptoed and handed her a piece of paper. “I made it especially for you, Teacher.”

“Really?” She took it with so much curiosity.

Binuklat ng dalaga ang papel mula sa hindi pantay na pagkakatupi at hindi niya alam kung matutuwa, maiinis, o maiiyak sa nakita. May naka-drawing doong isang singsing na may malaking bato, at nakasulat sa bandang ibaba ang mga katagang ‘Will you marry me?’.

“Hmm...” *Kung bakit naman kasi sa akin pa nagka-crush ang batang ito.* “This is very colorful and artistic.” Lois cleared her throat. “T-thank you, Timothy.”

“Did you like it, Teacher?” Hindi pa rin nawawala ang malaking ngiti ng bata. “Manang Vicky helped me do it.”

“O-oo naman.” Just looking at his cute little face and puppy eyes made her want to say yes to the marriage proposal. *Si Manang Vicky talaga. Kinunsinti pa itong bata.* “I have a feeling that the

other teachers will be jealous, so I'm just going to hide it para hindi nila agawin, okay?" Lois folded the paper and put it in her pocket habang ipinagdadasal na sana ay hindi alam ni Tim kung ano ang ibig sabihin ng sulat na ibinigay nito. "Thanks again. I really appreciate it."

"You're welcome po." Bakas sa mukha nito ang pagka-proud. "By the way, Teacher. It's already my fourth birthday on Saturday. Are you coming po ba?"

Nakahinga siya nang maluwag nang lumihis ang usapan nila mula sa proposal papunta sa nalalapit na kaarawan nito. "Of course I'm coming. Malakas ka kaya sa akin. Madami ka bang bisita?"

Balak sana niyang ipaabot na lamang kay Ruby ang regalo niya, pero nagdadalawang-isip siya. Personal kasi siyang inimitahan ng mga magulang ni Tim at nahiya naman siyang hindi sumipot.

"Opo! My cousins, and aunts, and uncles are coming," bibong sagot nito. "And I'm going to be *The Flash* on my birthday!"

"Talaga?" Ginulo-gulo niya ang buhok ni Tim. "Favorite ko kaya 'yun si *Barry Allen*."

"Talaga po! Ako din po, eh!" anito sa excited

na tinig. “Pero si Tito Ninong ko po mas gusto si *Spider-man* and si *Superman*. Lagi nga kami nag-aaway, eh.”

“Maybe your Tito Ninong doesn’t like *The Flash* because he doesn’t know that he’s the fastest man on earth.”

The kid went on and on about the superhero in red outfit. Hindi na nga alam ni Lois kung ano ang sinasabi nito. Hindi naman kasi niya talagang paborito si *The Flash*, sinabi niya lamang iyon para tuluyang lumayo ang atensyon ng bata sa problematic na marriage proposal. Laking pasasalamat niya nang sa wakas ay dumating ang yaya nito.

“Hi, Teacher Lois. Sorry po at nahuli ako nang kaunti,” bati ni Manang Vicky sa kanya. “Kinukulit na naman po ba kayo nitong si Timothy?”

She smiled. “Naku! Wala kayang kakulit-kulit sa katawan ’tong si Tim.”

Yumukod ito sa direksyon niya saka binalingan ang alaga. “Let’s go, Tim? Nandito na ang Tito Ninong mo.”

Mas lalong bumakas ang excitement sa mukha ng bata. “Really?” At nagtatakbo na ito palabas ng silid nang hindi man lang

nagpapaalam sa kanya.

Dumeretcho sa faculty room si Lois nang makaalis si Manang Vicky at si Tim. Malapit na kasi ang graduation ng klase at kailangan niyang tapusin ang grado ng mga bata.

*Okay... Work. Work. Work. Work. Work.*

Nagsisimula pa lamang siya sa pag-check sa test papers nang biglang magkagulo ang loob ng faculty room.

“Ang pogi-pogi naman n’un!” she heard Ruby said in a really dreamy voice.

“Oo nga, eh!” segunda ng isa nilang co-teacher na si Mary. “Ang tangkad saka mukhang mabango pa!”

Hindi niya pinagtuunan ng pansin ang mga ito. Masyado siyang abala sa pag-check ng papers kaya hindi tuloy namalayan ng dalaga na pinalibutan na siya ng mga katrabaho niya. Nag-angat lamang si Lois ng paningin mula sa ginagawa nang mapansin niyang dumilim ang paligid. Nakatungo na pala ang lima sa mga co-teachers niyang babae sa kanya at nasa lamesa niya ang anino ng mga ito.

“What?” iritableng sabi niya.

“Ano’ng pangalan niya?” Ruby asked her eagerly. “Single ba siya?”

“Ano?” Wala siyang ideya sa sinasabi nito. “Pinagtitripan n’yo ba ako?”

“Sige na, Lois,” hirit pa ng Mathematics teacher na si Janice sa kanya. “Baka naman puwede mo ’kong ipakilala sa kanya. Kahit one-night stand lang ay ayos na sa akin.”

“One-night stand!” Her brows furrowed. “Ano bang masamang ispiritu ang sumanib sa inyo’t nagkakaganyan kayo?”

“Hindi ko kasi mapigilan ang sarili ko! Ang guwapo ng tiyuhin ng estudyante mo! Para siyang artista!”

“Baka nakakalimutan n’yong teachers kayo. Kung makakerengkeng kayo diyan! Baka may makakita pa sa inyong bata’t gayahin kayo,” kunwaring sermon niya sa mga ito. “Wait—” Tatanungin sana niya ulit kung sino ang guwapong lalaki na tinutukoy ng mga ito nang may bigla siyang naalala. “Are you referring to Tim’s uncle?”

Nagtatalon ang lahat sa tuwa. “Oo! Siya na nga!”

Ruby put her hands on Lois, shoulders and shook her. “Dali na, friend! Ipakilala mo na kami! Please?”

“I’ve heard of him, but I never really met

him.” She rolled her eyes. “Pasensya na, pero hindi ko kayo matutulungan.”

Hindi makapaniwala ang mga ito.

“Hindi mo pa siya nami-meet?” tanong ni Ruby. “Bakit hindi? Hindi ba niya sinundo si Tim sa classroom? Sayang kung ganoon! Ang pogi pa naman niya. Sobra!”

“Wala naman yatang hindi guwapo sa paningin mo,” naiiling na sagot niya rito. “Isa pa, may boyfriend ka, hindi ba?” Sinubukang bumalik ni Lois sa na-interrupt niyang trabaho. “Leave me alone because I’m very busy, okay?”

Ruby made a face and dragged her to the window. “Halika nga’t nang maniwala kang babaita ka!”

“Ano ba!” Naiirita na siya sa kakulitan ng kaibigan. *Sinabi na ngang busy ako, eh!* “Stop pulling my hair!”

“Just look!” Pilit nitong pinagduldulan ang pagmumukha niya sa likod ng nakahawing kurtina.

“Ano ba’ng gingawa natin dito?” Nahahatsing na siya sa alikabok ng bintana, pero hindi naman siya makapalag dahil baka mabali ang leeg niya. “Can’t you just leave me out of this nonsense?”

“The one in pink polo shirt.” Ruby ignored

her sentiment and pointed to the school's quadrangle na nagsisilbi ring parking lot ng mga staff at mga bisita. "That's him."

"Fine!" *Madami pa akong trabaho! Wala akong panahon sa kalokohang tulad nito!* Talagang nairita na siya, pero tinanaw pa rin niya ang tinutukoy ni Ruby. "Kapag hindi 'to guwapo ay malilintikan kayong lahat sa akin."

Nakatalikod ang lalaking iyon kay Lois, but there's something that seemed oddly familiar about him. Hindi pa nga niya ito masyadong maaninag dahil sa naipong dumi ng salaming bintana ng faculty room, pero pakiramdam niya ay nakita na niya ang likod na iyon noon pa.

Hinintay niyang lumingon ito, pero hindi iyon nangyari. Tim's uncle got in the car and drove away. Nang makaalis ito kasama ang estudyante at si Manang Vicky ay saka lamang niya na-realize na hindi na pala hawak ni Ruby ang ulo niya. She was looking out for him on her own na parang interesado siya rito.

"Sayang!" kakamot-kamot sa ulong saad ni Ruby. "Hindi mo tuloy nasilayan ang kaguwapuhan niya."

She just shrugged because she felt stunned. Tim's uncle left Lois speechless. Partida pa iyon

dahil likod pa lamang ang nakikita niya. *Paano pa kapag humarap na siya?*

Nagpulasan na ang mga katrabaho niya para maghanda sa pag-uwi, pero nanatili si Lois sa kinatatayuan niya. Sinubukan niyang bumalik sa lamesa niya, pero nanlalambot ang kanyang mga binti. Pakiramdam niya ay matutumba siya kapag humakbang siya.

Noon niya na-realize na nanginginig pala ang buong katawan niya. She was sweating and her heart was pounding very hard. *Shit!* The crazy feeling was pretty familiar to her. Para iyong *déjà vu*.

Pakiramdam niya ay nangyari na ang panlalambot, panginginig, at pangangamba na iyon sa kanya dati pa.

*Well... That's weird.* Una ay ang pamilyar na likod. Pangalawa ay ang pamilyar na pakiramdam. *Ano'ng sunod? Pamilyar na boses? Mukha?* She rolled her eyes. *Cut it out, Lois! You're overthinking.*



Nang gabing iyon ay nanaginip si Lois. She had a strange dream.

She could see her herself dangling upside down from a very high tree. Nakabaliktad siya, pero sa halip na matakot ay nakangiti



pa siya. Everything was in high definition. A moment later, she felt someone tickling her toes. Tiningnan niya ang sanga kung saan nakatali ang mga paa niya. Lois smile got bigger when she saw him as if she had been expecting him to come.

Hindi siya nito inalis mula sa pagkakatali, pero ayos lang iyon sa kanya dahil nag-e-enjoy siya sa kuwentuhan nila. Ni hindi niya maintindihan kung ano ang pinag-uusapan nila, pero nakikita niyang nagtatawanan sila. Walang ibang nangyari sa panaginip na iyon, pero hingal na hingal at pawis na pawis siya nang magising.

Napabalikwas ang dalaga. “What the—” Nasapo niya ang noo niyang nanlalagkit sa pawis. Alam niyang weirdo ang mga panaginip, pero ang hindi niya maintindihan ay kung bakit sobrang weirdo ng sa kanya.

*Why the hell would Superman wear Spiderman’s mask?* “At bakit pinuntahan niya ako, pero hindi ako tinulungang bumaba sa puno?” *Hindi naman ako si Mary Jane o si Gwen Stacy. I’m Lois, but not a Lois Lane.*

Gulong-gulo siya dahil hindi siya fanatic ng DC at *Marvel* superheroes. She preferred the stories of vampires, werewolves, wizards, kings, knights, and warriors. Hindi interesado si Lois sa

*Krypton*, sa *Avengers*, o sa *Justice League* kaya hindi niya maintindihan kung bakit si *Clark Kent* at si *Peter Parker* ang napanaginipan niya.

Nanatili siyang nakaupo sa kama dahil hindi na siya makatulog. Nagmuni-muni siya habang hinihintay ang pag-alarm ng orasan.

*Clark Kent and Peter Par*—A sudden realization made her more awake than she already was. “P-Peter?”

Lois never expected him to show up in her dream. Posible kaya na ito iyong tao sa likod ng *Superman* costume at *Spider-man* mask?

No... *He can't be!* Ipinilig ng dalaga ang ulo para palisin ang isiping iyon. “Iniwan ko siya noon at siguradong limot na limot na niya ako ngayon.” *Why would he come to save me, anyways?* “And I don't need saving!”

# Chapter Three



Nagpaikot-ikot si Lois sa department store ng isang mall sa paghahanap ng regalong ibibigay kay Timothy. Sigurado siyang lahat ng klase ng laruan ay mayroon na ang bata. Ito lang naman kasi ang nag-iisang anak ng pinakamayamang pamilya sa probinsya nila.

Pero nang mapagod siya ay kumuha na lamang siya ng sangkaterbang *The Flash* coloring books. She paid for the little booklets at pauwi na sana siya nang makasalubong niya ang napaka-energetic na si Timothy.

“Teacher!” Patakbong nilapitan siya nito at saka yumakap sa baywang niya. “Hello po.”

“Hey!” She nuzzled his hair. “Sino’ng kasama mo?” *At nang mapagalitan. Bakit hinahayaan kang patakbo-takbo nang mag-isa sa mall?*

“Si Tito Ninong ko po,” anitong nakangiti. “Ano po’ng binili niyo?”

“Oh, this?” She shrugged. “Cookbooks para sa lola ko.” She hid the paper bag behind her. *Baka ma-recognize niya pa si The Flash.*

“Kasama n’yo po siya dito?”

Hindi na nasagot ni Lois ang katanungan ng bata dahil dumating ang kasama nito. “Hey, Timothy.”

Mayroon itong baritonong tinig, at agad na naamoy ni Lois ang napaka-masculine na pabango nito. Her heart beat so fast that she couldn’t keep up with it. Bigla tuloy sumikip ang dibdib niya at nahirapan siyang huminga.

Nasa likuran niya ito kaya naman nang magkaharap sila ay ganoon na lamang ang gulat niya. Kulang na lang ay lumabas ang puso niya sa kanyang ribcage at magtatakbo palayo. Pareho silang nagulat nang makita ang isa’t isa. Napanganga pa ang kaharap at nabitawan naman niya ang dala-dala. It was Tim who brought them back to reality.

“She’s my teacher, Tito Ninong.” Hinila-hila

pa nito ang dulong kamay ng tiyuhin nito. “Ang pretty niya po, ano?”

“Y-yes. She’s very pretty.” Peter blinked a couple of times before speaking. Marahil ay tinatantya nito kung multo ba siya o isang hallucination. “Hi, Lois...”

Nag-blush ang dalaga nang sumang-ayon ang lalaki sa pamangkin nito na maganda siya. Tinitigan lang tuloy niya ang kamay nitong nakalahad sa harapan niya. *W-what the hell is he doing here?* “H-hi.” At dahil mayroong menor de edad na nanonood sa reunion nila ay napilitan siyang kamayan ito. *Mabuting mag-set ng good example sa mata ng bata.*

“I-it’s been a long time.” Alanganing ngumiti ito. “Kumusta ka na? I.. I mean, I—”

“Actually, kailangan ko nang umalis,” putol niya sa sinasabi nito. *Hindi ako handang makipagkuwentuhan sa ’yo ngayon, o kahit na bukas, o kahit na kailan pa.* “My grandmother’s waiting for me.” Dali-dali niyang iniwan ang mga ito. She walked as fast as she could, but he called her back.

“Lois!” Patakbong hinabol siya nito.

*Shit! Shit! Shit!* She halted. “Y-yes?”

“You left this.” Iniabot nito sa kanya ang

pinamili niyang coloring books.

“S-salamat.”

Nginitian siya nito na parang wala silang pangit na nakaraan. “Well... S-see you around.”

Tumango siya bilang tugon bago tuluyang tinalikuran ang magtiyuhin. Nasapo niya ang dibdib when she was finally out of their sight.

*Ten years later, and I still feel this way about him.* She sighed. “Tinamaan ka ng magaling.”

Lois had to drive really slowly on her way home. Wala kasi sa kalsada ang focus niya kundi na kay Peter. *Kaya naman pala nakilala ko 'yung likod niya noong nakita ko siya sa school kahapon.* “Kaya ba napanaginipan ko si *Superman* na nakasuot ang maskara ni *Peter Parker*?”

Ang sumunod na linggo ay disaster para sa kanya. Si Peter ang naghahatid-sundo kay Tim kaya araw-araw silang nagkikita. At hindi nito pinapalampas ang isang araw na hindi bumabati at ngumingiti sa kanya. Nadi-distract tuloy siya sa mga dapat niyang gawin. Naging magugulatin at umikli rin ang pasensya niya. Mabuti na lang at malapit na ang graduation. Hindi na regular ang klase kaya nakakapag-dismiss si Lois nang maaga.

“Do you need help?”

Kamuntik nang mauntog si Lois sa nakabukas na hood ng kanyang sasakyan. “N-no,” she said while avoiding Peter’s eyes. “I got this. Thanks.”

Pauwi na siya noon, pero nagdesisyon pa ang magaling niyang kotse na huwag mag-start. And she’s been trying to figure out what’s wrong. Ilang minuto na siyang nakatungo sa makina, pero dahil wala naman siyang alam sa pagmemekaniko ay wala siyang ibang ginawa kundi ang bumuntong-hininga lamang.

“Sigurado ka?” anitong nakahalukipkip. “No offense meant, but your car looks unsafe. Kung gusto mo ay sumabay ka na lang sa amin.”

*Yes! Jurassic ang sasakyan ko.* She wanted to say yes to his invitation. Bukod sa gustung-gusto na niyang umuwi ay hindi niya maikaila sa sarili na sobrang na-miss niya ito. *He’s still my first sweetheart.* Mas lalo itong gumuwapo kung ikukumpara noon at sigurado siyang mas dumami ang mga babaeng nagkakandarapa rito. “Wag na. Padating na rin si Lola Maya para sunduin ako.”

“Okay...” Tumaas ang isang kilay nito na parang hindi naniniwala sa sinabi niya. “We’ll go ahead, then.”

Nagpakawala si Lois ng malalim na hininga.

Obvious na attracted pa rin si Lois sa dating katipan, and she couldn't risk being that close to him.

*I lose control of myself whenever he looks at me. Baka maipahiya ko pa ang sarili ko sa harap ng estudyante ko kapag sumakay ako sa kotse niya.*

Wala siyang pinagsabihan na may nakaraan sila ni Peter, at mukhang ganoon din naman ito dahil wala pang nagtatanong sa kanya kung paano sila nagkakilala. And she's very thankful for that. Kung nagkataon kasi ay hindi niya alam kung ano ang kanyang isasagot.

*Ano'ng sasabihin ko? Na boyfriend ko siya, pero dahil sa kalandian ng tatay ko ay nilayasan ko siya nang walang ni ha, ni ho?* It was a confrontation that she might never be ready for.

Everybody left her alone, maliban kina Ruby at Lola Maya. Walang araw na ginawa ng Diyos na hindi siya in-interrogate ng mga ito. Kulang na nga lang ay ibartolina siya ng dalawa para magsalita siya. Kapag nasa eskuwelahan siya ay ang co-teacher niya ang nambubuwisit sa kanya, at ang lola naman niya kapag nasa bahay siya. Hindi na yata siya magkakaroon ng peace of mind kahit kailan o kahit saan.

“Come on, Lois,” ani Ruby habang niyuyugyog



ang mga balikat niya. “Sabihin mo na kung paano kayo nagkakilala.”

“I already told you.” Naiiritang isinarado ni Lois ang lesson plan niya at hinarap ang kaibigan. “Magkaklase nga kami n’ung high school. Ilang beses ko ba kailangang ulitin iyun?”

“And that’s it? Magkaklase lang kayo?”

“Yes,” she said exasperatedly. “We’re *just* classmates.”

“Eh, bakit palagi ka niyang pinapadalhan ng tsokolate at bulaklak?”

“I... I...” Nauubusan na siya ng pambara. *Baka madiskubre nilang may relasyon kami noon! Naku!* “Aba! Malay ko. Bakit hindi siya ang tanungin mo?” Ayaw na niyang maungkat ang nakaraan kaya hangga’t maaari ay hindi niya iyon ise-share sa kahit na kanino. *It’ll bring nothing but grief.*

“Bagay kaya kayo,” Ruby said, shrugging.

Nag-init ang buong katawan niya. Noong high school pa sila ni Peter ay iyon na ang paboritong pang-asar ng mga kaeskuwela nila sa kanila. *Bagay kami...*

“Alam mo, puwede siya,” wika ng katabi niya nang hindi siya magsalita.

“Puwedeng ano?”

“Di ba gusto ng lola mo na mag-asawa’t mag-

anak ka na?” Kumikinang ang mga mata nito na parang nakakita ng maraming diamante at ginto. “Siya na lang ang gawin mong *jowa!*”

“What?” Awtomatikong tinakpan niya ang bibig nito. “Watch your mouth,” she hissed into Ruby’s ear.

“Ano ba’ng problema d’un?” She forced Lois to let go. “Hindi naman tatay ni Tim ’yung ide-date mo, ’yung tito. It’s not going to be an issue, okay?”

If Ruby only knew the truth about their past, but Lois was determined to keep it a secret. “Right.” Sarkastikong tinanguan at nginitian niya ang kaibigan.



When Tim’s birthday came, Lois was beyond nervous. Umaga pa lamang ay nangangatog na ang buong katawan niya na para bang umiinom siya ng mango shake sa Baguio sa kalagitnaan ng Pebrero. Hindi niya magawang ikalma ang sarili kaya nang sunduin siya ni Ruby ay ang pagkaputla niya kaagad ang pinuna nito.

“May-sakit ka ba?” anito nang makaupo siya sa passenger seat ng sasakyan nito. Nasa talyer pa ang kotse niya.

“Dysmenorrhea,” tipid na sagot niya.

They drove to Tim's house in silence. Pinili ni Lois na tumahimik dahil natatakot siyang matuklasan ni Ruby na nagsisinungaling siya tungkol kay Peter. Mabuti na lamang at abala sa paghahanap ng tamang daan ang kasama niya. Hindi na niya kailangang dagdagan ang kasinungalingan niya kung bakit maputla siya. She's pale not because of her menstruation, but because she's dreading her sure encounter with Peter.

“Alam kong mayaman ang estudyante mong ito, pero hindi ko akalain na ganito sila kayaman,” komento ni Ruby nang sa wakas ay nakita na nila ang mala-mansyong bahay ng pamilya ni Tim.

“Yup.” Dumungaw siya sa bintana para magkunwaring interesado sa magarbong bahay. Hanggang sa mga sandaling iyon kasi ay ang paghaharap pa rin nila ni Peter ang problema niya.

Nang makapasok sila sa loob ng bahay ay mas lalo silang humanga. Everything about it screamed elegance. Mula sa narra na pinto hanggang sa carpeted na hagdanan ay talaga namang napakagara.

Lois felt a bit underdressed. Pakiramdam niya ay napakasimple ng suot niyang plain black

dress at red stiletto. *Dapat yata ay pang-Academy Awards red carpet ang suot dito, eh.* Nang maibigay sa unipormadong kasambahay ang kanyang regalo ay gusto na tuloy niyang tumakbo pauwi. Except for the fact that she might see Peter, she felt out of place. *This is more like a movie premiere after party than a kid's birthday party!*

She wanted to sneak out badly. Unfortunately, Ruby felt differently. Kung siya ay na-intimidate, ito naman ay hindi. Wala pang limang minuto silang nakakapasok ay nilayasan na siya nito para makipagsosyalan sa kung kani-kanino. She was left all alone, so she just tried her best to hide from everybody else.

*Nakapag-Hi na naman ako sa mga magulang ni Tim, at nabati ko na rin 'yung bata. Dito na lang muna ako sa likod ni The Flash.*

Hindi siya umalis sa likuran ng human-sized inflatable replica ni *Barry Allen*. Balak sana niyang magkubli roon hanggang sa makakita siya ng pagkakataon para umalis, but as usual, there was an entirely different plan.

Nakakatatlong baso na siya ng alak, at nagsisiuwian na rin ang ilang bisita nang magdesisyon siyang umeskapo. Matino pa naman ang takbo ng utak niya, pero medyo tipsy

na siya. She had managed to get out of the house without anybody noticing her, at nasa garahe na siya nang ma-realize niyang wala nga pala siyang sasakyan.

“Damn it!” she hissed to herself.

She thought of going back inside to fetch Ruby, but she didn’t. Her co-teacher was having the best time of her life. *She was dancing and laughing with three other people, for crying out loud!* “Sino ako para sirain ang gabi niya?”

Lois opted to bear her misery alone. Nagpasya siyang maglakad-lakad hanggang sa makalabas ng subdivision. Ikinabubuwisit lang niya ang pagiging sobrang exclusive ng lugar dahil banned doon ang public transport.

Nahihilo na siya sa tama ng alak at napapagod na rin ang dalaga sa kalalakad, pero mukhang malayo pa siya sa labasan. At dahil may paninindigan siya sa mga desisyong ginagawa niya ay ipinagpatuloy niya ang paglalakad sa halip na humingi ng tulong kay Ruby, o sa lola niya, o sa kung sinuman. Patuloy siya sa paglalakad hanggang sa nabali ang takong ng kaliwang sapatos niya.

“Holy shi—” She fell when the heel gave in. “Ouch!” Napasama pa ang pagbagsak niya at

mukhang nabali ang kanyang bukung-bukong.

Akmang kukunin niya mula sa kanyang bag ang mobile phone para humingi ng saklolo nang may maaninag siyang papalapit na headlights mula sa isang sasakyan.

*Oh, thank God!* She waved her hands above her head frantically and shouted ‘help’ as loud as she could. Her ankle was hurting like hell, so she didn’t bother moving. She just sat in the middle of the dark street, and she was scared that the driver might not see her and ran her over.

The vehicle slowed down and stopped right in front of her. Pagkatapos ay lumabas mula sa itim na *Mazda* si... Peter!

“What happened?” worried na worried na tanong nito. “Ano’ng ginagawa mo diyan?”

*Nanghuhuli ako ng palaka dito.* “Tripped,” tipid niyang sagot. Hindi niya maintindihan kung bakit sa dinami-rami ng tao sa mundo ay ito pa ang nakakita sa kanya. *Why does he have to see me in such a vulnerable state?*

“Let me see.” Dahan-dahan nitong sinuri ang paa niya. “Kaya mo bang tumayo?”

Parang binuhusan ng malamig na tubig ang dalaga nang maramdaman niya ang kamay nito. Napalitan ng kakaibang sensasyon ang kirot na

nararamdaman ng paa ni Lois. “Kaya kong tum—Aww!” she cringed. She felt an unbearable jolt of pain when she tried to snatch her foot away from him.

“Ihahatid na kita.” Umakto itong bubuhatin siya.

“No! I... I mean...” Sinubukan ni Lois na lumayo rito. “Magpapasundo na lang ako sa lola ko. Thank you.”

“Don’t be ridiculous,” turan nito, parang nainsulto. “I’ll take you home.” Walang anu-ano ay binuhat siya ni Peter papasok sa kotse para hindi na siya makapagprotesta.

# Chapter Four



"Thanks," nahihiyang sambit ni Lois nang pareho na silang nakaupo ni Peter sa loob ng sasakyan nito.

He nodded and gave her his signature smile. Iyong ngiti na una niyang nakita noong high school pa lang sila. Iyong ngiti na naging dahilan ng pagkahulog niya rito noon. The smile that wrinkled the sides of his expressive eyes and showed his perfect set of teeth. It was the very same smile and it had the very same effect on her. It took her breath away that she had to look away or she would faint.

*This is exactly why I don't want to be in the same car as him.*



May kalayuan ang bahay ni Tim sa tinitirahan nila ng Lola Maya niya. May kabagalan pa ang pagmamaneho ni Peter kaya sa ayaw o sa gusto niya ay nagkaroon sila ng pagkakataong makapag-usap. They talked about anything until they ran out of lame excuses to avoid the inevitable confrontation of their past.

“So,” untag nito sa dalaga, “dito ka lang pala nagtatago sa Liliw, Laguna.”

“Hindi ako nagtatago,” kaswal na pagtatama niya rito. “Why would I hide, anyways? I’m not a fugitive or a criminal.”

“What I mean is, I didn’t expect to see you here. Kung alam ko lang na dito kita makikita ay matagal na akong pumun—” He cleared his throat. “G-gaano ka na katagal dito?”

Lois shrugged. “Hmm...” It’s obvious what he was about to say. He almost told her that he would have visited Tim’s family sooner if he knew that she was there, but she pretended not to notice. “Ten? Eleven years? Hindi ko na rin sigurado.”

Peter didn’t respond right away, but Lois could see from her peripheral view that his jaws suddenly clenched as if she said or did something offensive. Namumutla na rin ang mga kamay nito

dahil sa higpit ng pagkakapit sa manibela.

“Anyway, why did you leave?” Mukhang pinagsisihan na ng binata ang pagtulong sa kanya. He probably realized that his girlfriend would not like it if she learned about their little reunion.

*Why did I leave?* That question had been haunting Lois ever since she left the city. At mayroon siyang lehitimo at mabigat na dahilan para roon. She could easily defend her decision of leaving, pero hindi niya makayang ibuka ang bibig niya. She could simply tell him the truth.

She swallowed hard before speaking. “It’s a long and very complicated story. And I—”

“Oh, no.” Peter turned to her with amusement. Nawalang bigla ang pagtatagis ng mga bagang nito. There was a hint of smile in his voice na parang nagbitaw siya ng isang corny joke. “I’m not talking about *that* thing from high school.” Ipinagdiinan pa nito ang salitang ‘that’. “I meant the party. Bakit umalis ka na? Hindi pa nga nahihiwa ’yung dambuhalang cake ng pamangkin ko.”

*Shit! Mali. Maling-mali!* “I... I’m just not feeling well.” Namula siya mula ulo hanggang paa. “C-can you please drive a little faster? Baka kasi

nag-aalala na si Lola,” pag-iiba ni Lois sa usapan.

Natahimik sila pagkatapos ng nakakailang na pag-uusap na iyon. Nagulat na lamang si Lois nang makita niya ang pamilyar na kabahayan ng mga kapitbahay nila.

“Wait.” Takang binalingan niya si Peter na nasa driver seat. “Alam mo kung saan ako nakatira?” she asked him with furrowed brows. Noon niya lang naalala na hindi niya ito binigyan ng direksyon kahit na isang beses. “How come you know where I—”

“Yes, I know where you live,” putol nito sa sinasabi niya. He sighed. “I never thought that I’d see you again in this lifetime, so I had to make sure na noong nagkita tayo sa mall ay hindi ako nananaginip.” Pahina ang boses nito. “I had to make sure you’re real, so I followed you, but not in a creepy, stalker kind of way, okay?”

Isang mahaba at awkward na ‘okay’ na lamang ang naisagot ni Lois.

“Well, here we are,” Peter said when he pulled over in front of her grandmother’s lawn.

“Thanks again.” She looked at him and tried to smile even though her insides were churning. Being close to him had awakened lots of feelings that she hadn’t felt in a long time. His presence

made her feel more than alive. All her senses suddenly improved. It's as if she was seeing, smelling, and feeling everything for the first time.

Napakadami nang nagbago simula noong huli silang magkita, but Lois didn't feel stranged toward him. Everything about him had changed, pero pakiramdam niya ay ang labing-tatlong gulang pa rin na Peter ang nasa tabi niya.

"You don't have to get out. I can handle it from here," she told him as coldly as she could. *Bakit ba ako nagpapadala sa pagiging pekeng gentleman niya? Baka front niya lamang ito para gantihan ako sa pag-iwan ko sa kanya noon.*

He was taken aback by the sudden change of her mood, pero hindi ito nagpadala. "Baka nakakalimutan mong injured ka." Lumabas ito ng sasakyan at umikot para pagbuksan siya. "I can't believe I almost forgot how stubborn you are."

"And I can't believe I almost forgot how despicable you are." She rolled her eyes. *Muntik ko nang makalimutan na minanipula niya nga pala noon ang buong klase namin para maging escort at muse kami.* "Hindi puwedeng hindi masusunod ang gusto mo."

Peter ignored her insult and carried her. He

cradled her and closed the door without exerting much effort. Kung kargahin siya ng lalaki ay para lamang siyang isang malaking teddy bear.

“This is really unnecessary. Kaya ko namang maglakad,” she said under her breath.

“Wala ka sa lugar na magsungit ngayon, okay?” anito habang naglalakad. “Isa pa, you’re too light, so I don’t mind carrying you.”

Lois made a face, but she couldn’t stop herself from feeling like a princess. Kung sprain lang naman pala ang kapalit ng pananatili niya sa mga bisig ng dating nobyo ay handa siyang baliin ang lahat ng buto sa katawan niya.

Ano? She shut her eyes tightly to force the thought out of her head. *I can’t believe that I actually think that he’s my knight in shining armor.*

When they reached the porch, he gently put her down, at sinubukan niya itong pigilan sa pagkatok sa pinto. Ayaw kasi niyang makita ito ng lola niya. Baka kung ano pa ang masabi ng matanda at mapahiya silang dalawa. Nakikini-kinita na niyang ibubugaw siya nito kay Peter sa loob lamang ng isang minuto.

Pero nahuli ang dalaga dahil nasa harapan na nila si Lola Maya bago pa man makakatok ang sinuman sa kanila. Marahil ay narinig nito ang

ugong ng makina ng sasakyan.

“Good evening po, Ma’am,” magalang na bati ni Peter sa abuela niya. “Hinattid ko lang po si Lois. Medyo hirap po kasi siyang lumakad dahil natapilok siya.”

Hindi nito binigyang-pansin ang apo. Kay Peter lamang nakatuon ang buong atensyon nito. “Pasok ka muna, hijo. Gusto mo ba ng maiinom?”

“S-sige po.” He seemed lost. Marahil ay nagtataka ito kung bakit hindi nag-panic ang lola niya nang marinig ang tungkol sa munti niyang aksidente. “Aalalayan ko lang si Lois sa pagpasok.”

“Naku! Malakas na bata ’yan! Iwan mo na siya. Kaya na niya ang sarili niya.” Hindi man lang nito inalala ang kalagayan ng apo. “Single ka ba, hijo?”

“Lola!” nahihintakutang saway ni Lois sa matanda. “Don’t.” She turned to Peter. “You don’t really have to answer that. Don’t mind her. Ginagawa niya ’yan sa lahat ng lalaking nakikita niya.”

“It’s okay,” nakangiting tugon ng binata na mukhang nag-e-enjoy pa sa kalokohan ng lola niya. Binalingan nito ang kanyang abuela. “May girlfriend po ako.”

That news broke Lois' heart in an instant. Parang may milyun-milyong kutsilyo na sumaksak sa dibdib niya nang sabay-sabay. Bakit nga naman kasi ito magiging single? He was funny, handsome, smart, sweet, and confident.

*Ano ba'ng akala ko? Na magmumukmok siya dahil sa ginawa ko sa kanya noon?*

"Sayang naman. Akala ko ay puwede kayo nitong apo ko, eh." Nanlumo ang mukha ni Lola Maya. "Gaano na kayo katagal ng katipan mo?"

"Matagal na po." Kumikinang pa ang mga mata ng kausap habang nagkukuwento. "We've been together since high school."

Tumango ito at humalukipkip. "Engaged na ba kayo?"

Lois glared at her. "La!" The humiliation was too much for her to handle, so she mustered all her courage and faced Peter. "Please, ignore her. She wouldn't stop bothering you unless you stop entertaining her questions."

Lola Maya came to her senses and finally stopped bugging Peter about his love life when he didn't give her his girlfriend's name. "Naku! Pasensya ka na sa akin, hijo. Ganito lang talaga ako," she said apologetically to him. "Siyanga pala, salamat sa paghatid sa apo ko." Binuksan

nito nang malaki ang pinto. “Pumasok na tayo sa loob.”

Nakahinga nang maluwag si Lois nang bumalik na ang pagiging maalalahanin ng matanda. Sa wakas ay napansin nitong hindi siya makalakad at kailangan niya ng tulong.

Peter lifted Lois in his arms for the third time that night. “Saan ang kuwarto mo? Doon na kita dadalhin dahil baka mahirapan pa kayo ng lola mo mamaya.”

“Y-yung unang pinto pag-akyat ng hagdanan,” she stuttered helplessly. Tumaba nang husto ang puso niya sa concern na narinig niya sa boses ng binata.

His arms felt so strong that she didn’t want to leave them. Gusto niyang doon na lang siya habambuhay, pero mabilis itong nakapanhik ng hagdanan kaya narating nila ang kuwarto niya sa isang kurap. Nalungkot siya nang ilapag siya nito sa kama niya.

“S-salamat ulit.” Nahihiya niyang tiningnan ito. “Pasensya ka na ulit sa lola ko, ha?”

“I think your grandmother’s really charming.” Nagkibit-balikat ang lalaki. “Anyway, I didn’t know that you still have a grandmother.”

Lois laughed sarcastically. “We don’t really



know a lot of things about each other.” *Hindi mo nga sinabi sa akin na napalitan mo ako kaagad pag-alis ko, eh.*

“Right,” anito, animo nalilibang. Then, Peter looked around her room as if looking for something. “You know, I’ve always wanted to see your room.”

“Well, are you impressed now that you’ve finally seen it?”

“It’s not what I expected it to be,” he laughed. “Akala ko ay makakakita ako ng sangkaterbang gitara at vinyl records, pero wala kahit isa.”

“Sorry to disappoint you, then,” mahinang turan ng dalaga. “I haven’t been a musician for a quite a while now.”

“Why not?” di-makapaniwalang tanong nito. “You’re really good at it, and I thought you loved music.”

“I did love it. But I’m a pre-school teacher now, and not a rockstar,” Lois sighed. “I wouldn’t make a career out of it, anyways. At sigurado ako na ibinenta na ng tatay ko ang lahat ng instruments ni Mama.”

“Why would Mr. Sergio do that?” He sat next to her on the bed. “Speaking of Mr. Sergio, what’s the real score between him and our second year

high school adviser? Madalas ko kasi silang makitang magkasama noon. I'm just curious."

"Hanggang ngayon ay napakatsismoso mo pa rin," aniyang naiiling. "It's none of your business, Peter Parker."

Natawa ito sa tinuran niya. "Yup. Tsismoso pa rin ako at masungit ka pa rin." Then, he stared at her as if she was going to disappear if he blinked. "And I never thought that I'd say this, but I missed you, Lois Lane. Na-miss ko 'yung pagtataray mo."

*H-he missed me?* Biglang uminit ang hangin sa loob ng silid. Nahirapan tuloy siyang huminga. Ilang beses niyang sinubukang magsalita, pero tulad ng dati ay natameme siya na parang high school student na kinakausap ng crush niya.

"Don't look so frightened." He moved closer to her and reached for her chin. "Sinabi ko lang naman na na-miss kita. It wasn't a marriage proposal, okay?"

Para siyang nahipnotismo. She couldn't do anything but to look into his deep-set eyes. The whole world suddenly disappeared, at ang mahalaga nang mga sandaling iyon ay silang dalawa. At nasa ganoong posisyon sila nang dumating ang Lola Maya niya.

"Apo, ito ang yelo. Ilagay natin sa sprain

mo para mabawasa—” Natigilan ang abuela niya sa sobrang pagkagulat. Muntik pa nitong mabitawan ang dalang maliit na timba na may lamang ice cubes.

They jerked away from each other quickly. Para silang mga batang nahuli na may ginagawang kalokohan. Peter was the first one to recover.

“A-ako na po diyan,” he said and took the bucket from her grandmother.

*Great! Now she’s probably thinking that I’m about to kiss him!* Lois could feel the weight of Lola Maya’s stare, so she kept her eyes on the floor. *And the worst part is alam na ni Peter na hindi pa rin ako immune sa charms niya!*

Tumalungko sa harapan niya si Peter at dahan-dahang inangat ang injured niyang paa para ilagay sa loob ng munting timba. “Para hindi na lumala ang pamamaga.”

Kiming tumango na lamang siya. Ramdam kasi niyang nakatitig pa rin sa kanila ang abuela niya.

“Naku!” Lola Maya suddenly exclaimed. “Mayroon nga pala akong nakasalang. Maiwan ko na muna kayong dalawa.” She started to walk toward the door. “Siyanga pala, baka matagalan bago ako ulit umakyat dito kaya ituloy n’yo na

'yung naistorbo ko kanina," she said before closing the bedroom door.

*Oh, my God!* Itinago ni Lois ang mukha niya sa kanyang mga palad. *Literal na ibinubugaw ako ng sarili kong lola!* "I'm so sorry about that," she sighed. "This is so embarrassing."

"You don't have to be sorry or embarrassed about anything." Tiningala siya ni Peter at saka nginitian. "It must be really fun to have such a cool granny."

"She could be fun sometimes, but she's just ridiculous most of the times," natatawang turan niya. "Trust me, mas makulit pa siya kung ikukumpara sa treintang pre-school children."